Transport for NSW

# Kaligtasan sa daan



## Pagpapanatiling ligtas sa iyong anak habang nagmamaneho papunta sa paaralan at pauwi mula dito

Narito ang ilang mga payo na makakatulong sa iyong anak at sa iba pa na maging mas ligtas sa pagsisimula at pagtatapos ng araw na may pasok:

- Tiyakin na ang iyong anak ay nakaupo sa child car seat na angkop sa kanyang edad at laki. Ang upuan ay wasto dapat ang pagkakakabit sa sasakyan.
- Manatiling mas mababa sa 40km/h na speed limit sa mga school zone at bigyang-pansin ang mga batang nasa paligid.
- Bigyang-pansin din ang mga kumikislap-kislap na mga ilaw ng mga bus. Nagpapahiwatig ang mga ito na ang bus ay nagsasakay o nagbababa ng mga bata na maaaring tumatawid o tatawid sa daan. Dapat mong bawasan ang bilis sa 40km/h kung kumikislap-kislap ang mga ilaw ng bus, maliban na lamang kung may mas mababa pang speed limit na nalalapat.
- Palaging padaanin muna ang mga tumatawid (pedestrian) lalo na kung ikaw ay pumapasok o lumalabas ng mga driveway.
- Bawasan ang bilis at maghandang huminto kung papalapit sa mga tawiran ng paaralan. Sundin ang mga tagubilin ng school crossing supervisor sa mga supervised crossing (tawirang may namamahala sa pagtawid).
- Palaging mag-park at lumiko nang ligal sa mga paligid ng paaralan. Ang mga pagmamaniobra katulad ng U-turn at three-point turn ay peligroso sa mga oras ng paghatid at pagsundo (drop-off and pick-up) sa paaralan.
- Ibaba at sunduin ang iyong anak sa may gilid ng paaralan. Ang pagtawag sa kanila na pumunta sa tapat ng daan ay peligroso – maaari silang tumakbo patungo sa iyo nang hindi tumitingin sa trapiko.
- Palaging tulungan ang iyong anak na bumaba at sumampa sa sasakyan mula sa ‘Safety Door’. Ang ‘Safety Door’ ay ang pintuan sa likuran ng sasakyan na katabi ng bangketa. Ito ay malayo sa daanan ng mga sasakyan at pinakaligtas para sa iyong anak.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapanatili ng kaligtasan ng mga bata sa daan, bisitahin ang seksyong pampamilya sa **safetytown.com.au**

Stock code 45095190 June 2024 © Transport for NSW

NSW GOVERNMENT

Masyadong marami ang nasasawi sa mga daan ng NSW.
**Ang ating layunin ay zero.**

TOWARDS ZERO